SPECIAL PROCEDURES
UNITED NATIONS
HUMAN RIGHTS COUNCIL

Participation
Planet

Planet
Participation

Pagdecode sa Karapatan sa Pag-unlad

People
Policies

Policies
People

1 Karapatang Pantao

2 Mga Dimensyon

3 Mga Elemento

4 Mga Salik

5 Mga Prinsipyo

Peace
Prosperity

Prosperity
Peace



1 Karapatang Pantao

Ang karapatan sa pag-unlad ay isang karapatang pantao tulad ng iba pang mga karapatang sibil, politikal, panlipunan, pang-ekonomiya at pangkultura. Ang karapatan ay maaaring masubaybayan sa Tsarter ng mga Nagkakaisang Bansa (Artikulo 55) at sa Pandaigdigang Deklarasyon sa mga Karapatang Pantao (Artikulo 25 at 28).

Ang 1986 Deklarasyon sa Karapatan sa Pag-unlad ay may malinaw na artikulasyon sa mahahalagang aspeto ng karapatang ito. Kinikilala rin ang karapatan sa mga rehiyonal na instrumento ng karapatang pantao at mga pambansang konstitusyon.

Kasalukuyang nakikipagnegosasyon ang mga estado para sa isang legal at may bisang internasyonal na instrumento upang isakodigo ang karapatan sa pag-unlad.

Mga kaukulang tungkulin

Maraming mga tagapagpaganap ang may magkakaiba ngunit komplementaryong mga tungkulin o responsibilidad upang maisakatuparan ang karapatan sa kaunlaran:

Karapatan sa Pag-unlad



Estado
- Mga Pamahalaan
- Mga ahensiya sa pag-unlad
- Mga Pambansang institusyon para sa karapatang pantao

Internasyunal na organisasyon
- Mga ahensiya ng UN
- Mga internasyunal na pampinasyang ahensiya
- ba't ibang bangko ng pag-unlad





Mga tagapagpaganap na hindi bahagi ng estado
- Mga Negosyo
- Mga sibil at panlipunang organisasyon
- Mga unibersidad

2 Mga Dimensyon

Ang karapatan sa pag-unlad ay kapwa may indibidwal at kolektibong dimensyon, dahil ang bawat tao at lahat ng tao ay may ganitong karapatan.

Marami pang ibang karapatang pantao ang may mga indibidwal at kolektibong dimensyon, halimbawa, ang karapatan sa kalayaan ng pag-iisip, konsensya, at relihiyon; ang mga karapatan sa mapayapang pagtitipon; ang karapatan sa kalayaan sa asosasyon; ang karapatang matamasa ang sariling kultura at gamitin ang sariling wika; ang karapatang bumuo ng mga unyon ng manggagawa; at ang mga karapatan sa isang malinis, malusog, at napapanatiling kapaligiran.

3 Mga Elemento

Ang bawat tao at mamamayan ay may karapatan sa:

partisipasyon sa **kontribusyon sa** **matamasa**

ekonomiko, panlipunan, at polikal na pag-unlad

Ang pakikilahok sa pagbuo ng desisyon hinggil sa mga patakaran, programa, at proyekto sa pagpapaunlad ay dapat maging aktibo, malaya, at makabuluhan.

4 Mga salik

Ang karapatan sa pag-unlad ay sumasaklaw sa pang-ekonomiya, panlipunan, pangkultura at pampulitikang pag-unlad ng bawat tao at gayundin ng lahat ng mga tao. Ang karapatan ay kapwa isang layunin at isang paraan upang maisakatuparan ang lahat ng karapatang pantao at mga pundamental na kalayaan.



5 Mga prinsipyo


Patas na pamamahagi: ang pambansa, rehiyonal, at pandaigdigang patakaran sa pag-unlad ay dapat may layunin sa patuloy na pagpapabuti ng kapakanan ng kalakhan ng populasyon at lahat ng indibidwal at tiyakin ang patas na pamamahagi ng mga benepisyong bunga ng pag-unlad.





Interseksyonalidad: Sapagkat maraming indibidwal at grupo ang nahaharap sa maraming uri ng diskriminasyon, ang karapatan sa pag-unlad ay dapat maisakatuparan nang walang anumang uri ng diskriminasyon tulad ng kulay ng lahi, kasarian, wika, relihiyon, opinyon sa politika o iba pa, bansang pinagmulan o lipunan, ari-arian, kapanganakan o iba pang katayuang panlipunan.

Interhenerasyonal na pagkakapantay-pantay: Ang karapatan sa pag-unlad ay hindi isang pahintulot upang sirain ang kalikasan ng mundo o maliitin ang kakayahan ng mga susunod na henerasyon na matupad ang kanilang mga mithiin sa pag-unlad. Ang karapatan sa pag-unlad ay dapat matupad upang matugunan nang patas ang mga pangangailangan sa pag-unlad at kapaligiran ng kasalukuyan at ng mga susunod na henerasyon.





Sariling Pagpapasya: Ang mga tao ay may karapatang magtakda ng kanilang pang-ekonomiya, panlipunan, pangkultura at pampulitikang pag-unlad alinsunod sa Internasyonal na Panukalang Batas ng mga Karapatang Tao. Kabilang sa karapatan sa sariling pagpapasya ang pagkakaroon ng ganap na pag-aari ng mga tao sa lahat ng kanilang likas-yaman at pinagkukunang yaman.

Pandaigdigang kooperasyon: Mahalaga ang internasyonal na kooperasyon upang maisakatuparan ang karapatan sa pag-unlad ng lahat ng tao kahit saan, lalo na sa mga umuunlad na bansa. Mahalaga rin ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga Estado at iba pang tagapagpaganap upang malampasan ang mga hadlang sa pagsasakatuparan ng karapatang ito.



Dagdag na Halagahin

Karapatan sa Pag-unlad





- Kilalanin ang kakayanan ng mga tao
- Itanghal ang halaga ng kolektibong dimensyon ng karapatang pantao



- Ipamalas ang pagkakaisa, pagtutulungan, at pagkakaugnay-ugnay ng mga karapatang pantao



- Binibigyang-diin ang kahalagahan ng aktibo, malaya, at makabuluhang partisipasyon



- Naglalatag ng proseso upang maisakatuparan ang iba pang karapatang pantao



- Binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagbabawas ng mga armas para sa kapayapaan at kaunlaran



- Binibigyang-diin ang tungkulin ng Estado na makipagtulungan



- Nagtataguyod ng paglikha ng isang patas na pandaigdigang kaayusang pang-ekonomiya upang matugunan ang mga kawalan ng katarungan

SPECIAL PROCEDURES
UNITED NATIONS
HUMAN RIGHTS COUNCIL

Makipag-ugnayan sa Special Rapporteur para sa karapatan sa pag-unlad

hrc-sr-development@un.org

www.ohchr.org/en/special-procedures/sr-development

@UNSRdevelopment

www.linkedin.com/in/surya-deva-professor/

www.youtube.com/@ProfSuryaDeva

This is an unofficial translation in Filipino, prepared by Mr Rommel B. Rodriguez